
	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b>	
	Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	<b>Circular No.</b>	<b>2021-0011</b>
	<b>Title</b>	<b>PhilHealth Payment Recovery (PPR) Policy</b>

Tanong	Sagot
<b>Ano ang PhilHealth Payment Recovery (PPR) Policy?</b>	Ang PhilHealth Payment Recovery (PPR) Policy ay isang mekanismo / proseso sa pagbawi sa mga sobrang kabayaran sa benefit claims na na-proseso ng PhilHealth o mula sa pagkakamali sa pagbawas ng mga Health Care Institutions (HCIs) / Health Care Provider (HCP) sa benefit claims ng mga miyembro, sa pamamagitan ng pagsingil ng multa o iba pang legal na pamamaraan mula sa mga pino-proseso o sa mga babayaran pang benefit claim sa hinaharap ng PhilHealth mula sa mga HCI/HCP.
<b>Bakit kailangang ipatupad ang PPR?</b>	Upang mabawi ng PhilHealth ang mga multa na hindi pa nababayaran ng mga HCP at mga sobrang kabayaran sa benefit claims ng mga HCP. Ang PPR ay isa ring paraan upang masiguro ng PhilHealth na ang pondo ng mga miyembro ay nasa tamang pag-iingat.
<b>Ano ang sakop ng PPR?</b>	<p>Kasama sa PPR ang mga sumusunod:</p> <p>A. Pagbabayad ng multa sa pamamagitan ng pagbawas nito sa mga babayaran pang benefit claims ng mga HCPs;</p> <p>B. Pagbawi ng kaukulang halaga dahil sa mga sumusunod na sitwasyon:</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Audit findings gaya ng upcasing at creeping of claims;</li> <li>2. Pagbayad ng claims sa maling pasilidad;</li> <li>3. Pagbayad ng claims sa panahon na hindi accredited ng PhilHealth ang pasilidad o walang lisensya mula sa DOH;</li> <li>4. Pagbayad ng claims sa panahon ng suspensyon o pagkatanggal ng partikular na serbisyo ng isang pasilidad;</li> <li>5. Pagbayad ng claims sa pasilidad na hindi nakapag-renew ng accreditation, suspendido, o nagsara nang pasilidad; at</li> <li>6. Administrative discrepancies katulad ng labis ang halagang naibayad sa HCP dahil sa mga sumusunod: <ol style="list-style-type: none"> <li>a. Maling pagkaka-encode ng benefit package;</li> <li>b. Pag-downgrade ng classification ng health care facility na nagreresulta ng mas mababang case rates;</li> <li>c. Maling pagkalkula ng withholding Tax;</li> <li>d. Labis na pagbayad sa ilalim ng Debit Credit Payment Method matapos ang isinagawang reconciliation sa mga HCP; o</li> </ol> </li> </ol>



	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b> Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	<b>Circular No.</b>	<b>2021-0011</b>
	<b>Title</b>	<b>PhilHealth Payment Recovery (PPR) Policy</b>

	<p>e. Labis na pagbayad sa ilalim ng Primary Care Package/Konsulta matapos ang isinagawang reconciliation sa mga HCP.</p> <p>C. Iba pang kaso na matutukoy at aaprubahan ng Korporasyon.</p>
<b>Paano malalaman kung magkano ang multa na babayaran o ibabawas sa HCP?</b>	Ang halaga ng multa ay malalaman sa oras na lumabas ang “writ of execution” mula sa PhilHealth na siyang ipatutupad ng PhilHealth Regional Office (PRO)/Branches na nakasasakop sa HCP.
<b>Paano ang proseso ng PPR na ipatutupad ng PRO?</b>	<p>A. Para sa mga sitwasyong sakop ng PPR, ang mga sumusunod ay ang prosesong gagawin ng PhilHealth at PROs/Branches nito upang maipatupad ang “payment recovery”:</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Tiyaking ang binabawing bayad ay mula sa “clean claims” bago ang aktwal na “recovery” ng nagkamaling pagbabayad sa accredited HCP.</li> <li>2. Padadalhan ng Notice of Payment Recovery Demand Letter” ng PRO ang HCP.</li> <li>3. Bibigyan ang HCP ng labinlimang (15) araw para sumagot sa PhilHealth at ipaalam kung paano ito makapagbabayad alinman sa mga sumusunod na paraan:       <ol style="list-style-type: none"> <li>a. Pagbayad ng buong halaga sa pamamagitan ng over the counter sa PRO/Branch o Local Health Insurance Office (LHIO); o</li> <li>b. I-charge sa PPR matapos ang approval ng Regional Vice President/Branch Manager.</li> </ol> </li> </ol> <p>Sakaling mabibigo ang HCP na tupdin ito, mapipilitan ang PhilHealth na ipatupad ang PPR sa naturang HCP.</p> <p>B. Ang PPR ay ipatutupad sa mga babayaran pa lamang na benefit payments para sa HCP.</p> <p>C. Ipo-proseso ng PRO-Benefits Administration Section ang pagbawi/pagsingil sa mga babayaran ng PhilHealth na claims na kasalukuyang pino-proseso o sa mga babayaran pa lamang na claims na isusumite ng HCP sa PhilHealth.</p>





## TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

Circular No.	2021-0011
Title	PhilHealth Payment Recovery (PPR) Policy

- D. Ibabawas ang buong halaga na kailangang bayaran mula sa benefit claim na pino-proseso hanggang sa ang buong halaga ay makumpleto. Hindi pahihintulutan ang “partial obligation” na pagbabayad ng nasabing halaga sa ilalim ng polisiya ng PPR.
- E. Para sa mga pribadong HCP, ang halagang ibabawas mula sa kanilang matatanggap sa PhilHealth ay “net of tax” ng case rate o benefit package na kine-claim.
- F. Para sa mga HCP na kasama sa Auto Credit Payment System (ACPS), walang mage-generate na tseke o make-credit na anumang halaga sa kanilang bank account hangga’t ang buong halaga na kailangang mabawi ay nakaltas nang lahat mula sa makukuhang reimbursements ng HCP.
- G. Ang multa na hindi pa nababayaran ay kinakailangang mabayaran ng buo ng HCP o ng kung sinumang awtorisadong opisyal/may ari ng HCP na nag-a-aaply ng renewal ng accreditation sa ilalim ng panibagong pangalan. Hindi maaaprubahan ang accreditation hangga’t hindi pa nababayaran ng naturang HCP ang buong halaga ng multa.
- H. Maaring gumamit ang PhilHealth ng iba pang paraan, maliban sa pagpapadala ng demand letters o anumang legal na pamamaraan kasama na ang pagsampa ng kaso, kung kinakailangan, upang mabawi ang halaga na dapat mabayaran ng HCP na nagsara at hindi pa nakababayad ng buo at hindi sapat ang claims na dapat ay pagkunan o kaya ay wala nang claims na babayaran pa ang PhilHealth.
- I. Kung sakaling may reklamo ang HCP sa pagapapatupad ng PPR o kaya ay sa pagbabayad/pagababawas ng multa, magpapatuloy ang pagproseso ng kanilang benefit claims ngunit pansamantalang ititigil ang pagpapatupad ng PPR sa naturang HCP hangga’t hindi nareresolba ng PRO Legal Services Unit ang kanilang hinaing.





## TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

Circular No.	2021-0011
Title	<b>PhilHealth Payment Recovery (PPR) Policy</b>

- J. Padalalan ng Notice of Payment Recovery Report (NPRR) ang HCP na siyang naglalaman ng halaga na ibinawas ayon sa PPR. Kalakip sa NPRR ang mga sumusunod:
1. Detalye ng claim kung saan ibinawas ang PPR;
  2. Halagang ibinawas;
  3. Ang natitirang balanse na ibabawas sa mga darating na claims ng HCP; at
  4. Reference document number ng dokumento mula sa PhilHealth na nagsasaad ng kaukulang multa na kailangang bayaran ng HCP.
- K. Sa oras na mailathala, ang kopya ng PPR policy ay ipamimigay sa mga HCP ng mga Local Health Insurance Office (LHIO), at ang kopya (receiving copy) ay dapat mapirmahan ng kinatawan ng HCP bilang patunay na ito ay natanggap.

